**Para sa mga biktima**

被災者生活再建支援法人（公財）都道府県センター

# Paunawa tungkol sa Tulong Pinansyal Para sa Muling Pagbangon ng mga Biktima ng Sakuna

Nakikiramay kami sa lahat ng naapektuhan ng sakuna.

**Ang tulong na ito ay ibinibigay sa mga sambahayan na ang bahay o kabuhayan ay malubhang naapektuhan o tuluyang nasira dahil sa sakuna, upang matulungan silang muling makabangon.**

✓ Ang paglalapat ng sistemang ito ay nakadepende sa antas ng pinsala sa inyong munisipalidad. Kapag ito ay naging angkop na ipatupad, maglalabas ng pampublikong abiso ang inyong prepektura.

## 1 Pangkalahatang Impormasyon tungkol sa Tulong Pinansyal Para sa Muling Pagbangon ng mga Biktima ng Sakuna

### ■ Mga Uri ng Tulong-Pinansyal

① Pangunahing Tulong: Tulong na ibinibigay ayon sa tindi ng pinsala sa bahay.

② Karagdagang Tulong: Tulong na ibinibigay ayon sa paraan ng muling pagtatayo ng bahay

### ■ Mga Sambahayang Kwalipikado para sa Tulong-Pinansyal

① Sambahayan na Ganap na Nasira ※1
② Sambahayan na Giniba (dahil sa bahagyang pagkasira o pinsala sa lupa) ※2
③ Sambahayan na Matagal na Paglikas ※3
④ Sambahayan na Malakihang Bahagyang Pagkasira ※1
⑤ Sambahayan na Katamtamang Bahagyang Pagkasira ※1, 4

※1 Ang antas ng pinsala sa bahay tulad ng ‘ganap na pagkasira (全壊)’, ‘malakihang bahagyang pagkasira (大規模半壊)’, ‘katamtamang bahagyang pagkasira (中規模半壊)’, at ‘kalahating nasira (半壊)’ ay nakasaad sa Sertipiko ng Pinsala na inisyu ng munisipalidad.

※2 Ang tulong ay ibinibigay sa mga bahay na nakatanggap ng Sertipiko ng Pinsala na may antas na ‘kalahating pagkasira (半壊)’, ‘katamtamang bahagyang pagkasira (中規模半壊)’, o ‘malakihang bahagyang pagkasira (大規模半壊)’, o sa mga bahay na may pinsala sa lupa, at kung kung iiwan nang ganito ay magiging delikado, o ang pagkukumpuni ay mangangailangan ng mataas na gastos—dahil sa di-maiiwasang dahilan dulot ng sakuna, kailangang gibain. Hindi kabilang dito ang bahagyang pagbuwag ng bahay na may sertipikong pagka pinsala. Kailangang buo o lahat ng bahay ang gibain upang maging kwalipikado.

※3 Ang pagkilala sa mga sambahayan na matagal na pagkalikas ay isinasagawa ng prepektura.

※4 Ang mga sambahayan na katamtamang bahagyang pagkasira (中規模半壊世帯) ay kwalipikado lamang para sa Karagdagang Tulong (加算支援金). (Naaangkop para sa mga sakuna mula 2020 Kyushu Floods pataas) Gayunpaman, kung giniba ang bahay dahil sa di-maiiwasang dahilan dulot ng sakuna, maaaring mag-aplay bilang “kalahating nasirang gibain na sambahayan” para sa Pangunahing Tulong (基礎支援金) at mag-aplay ng Karagdagang Tulong para sa diperensya.

### ■ Panahon ng Aplikasyon

| Kategorya | ①Pangunahing Tulong | ②Karagdagang Tulong |
|---|---|---|
| Panahon ng Aplikasyon | Sa loob ng 13 buwan mula sa petsa ng sakuna | 37 buwan mula sa petsa ng sakuna |

※ Maaaring pahabain kung may di-maiiwasang dahilan

## ■ Halaga ng tulong pinansyal

| Kategorya | | ①Pangunahing Tulong | ②Karagdagang Tulong | | ①+② Kabuuang Halaga |
|---|---|---|---|---|---|
| Maraming miyembro (2 o mahigit na miyembro noong sakuna) | Sambahayan na Ganap na Nasira<br>Sambahayan na Giniba<br>Sambahayan na Matagal na pagkalikas | l, 000, 000 yen | Pagtatayo o Pagbili | 2, 000, 000 yen | 3, 000, 000 yen |
| | | | Pagkukumpuni | l, 000, 000 yen | 2, 000, 000 yen |
| | | | Pag-upa | 500, 000 yen | l, 500, 000 yen |
| | Sambahayan na Malakihang Bahagyang Pagkasira | 500, 000 yen | Pagtatayo o Pagbili | 2, 000, 000 yen | 2, 500, 000 yen |
| | | | Pagkukumpuni | l, 000, 000 yen | 1, 500, 000 yen |
| | | | Pag-upa | 500, 000 yen | l, 000, 000 yen |
| | Sambahayan na Katamtamang Bahagyang Pagkasira | Wala | Pagtatayo o Pagbili | l, 000, 000 yen | l, 000, 000 yen |
| | | | Pagkukumpuni | 500, 000 yen | 500, 000 yen |
| | | | Pag-upa | 250, 000 yen | 250, 000 yen |
| Isahang Miyembro (1 miyembro noong sakuna) | Sambahayan na Ganap na Nasira<br>Sambahayan na Giniba<br>Sambahayan na Matagal na pagkalikas | 750, 000 yen | Pagtatayo o Pagbili | l, 500, 000 yen | 2, 250, 000 yen |
| | | | Pagkukumpuni | 750, 000 yen | 1, 500, 000 yen |
| | | | Pag-upa | 375, 000 yen | 1, 125, 000 yen |
| | Sambahayan na Malakihang Bahagyang Pagkasira | 375, 000 yen | Pagtatayo o Pagbili | l, 500, 000 yen | 1, 875, 000 yen |
| | | | Pagkukumpuni | 750, 000 yen | 1, 125, 000 yen |
| | | | Pag-upa | 375, 000 yen | 750, 000 yen |
| | Sambahayan na Katamtamang Bahagyang Pagkasira | Wala | Pagtatayo o Pagbili | 750, 000 yen | 750, 000 yen |
| | | | Pagkukumpuni | 375, 000 yen | 375, 000 yen |
| | | | Pag-upa | 187, 500 yen | 187, 500 yen |

## 2 Proseso mula sa Aplikasyon hanggang sa Pagkakatanggap ng Tulong

① Ang punong-sambahayan ay magsusumite ng aplikasyon kasama ang mga kinakailangang dokumento sa tanggapan ng munisipalidad kung saan nakatira noong sakuna, sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod: personal, koreo, o e-application (My Number Portal※).
※Ang e-application ay para lamang sa mga munisipalidad na sumusuporta rito.

② Pagkatapos makumpirma ng munisipalidad, ipapadala sa prepektura ang aplikasyon.

③ Pagkatapos makumpirma ng munisipalidad, ipapadala ito sa Prefecture Center
被災者生活再建支援法人 (Tulong-Pinansyal para sa mga Biktima ng Sakuna)

④ Sa Prefecture Center (Pampublikong Foundation), isinasagawa ang huling pagsusuri. Kung kwalipikado ang aplikasyon, magpapadala ang organisasyon ng abiso ng pagkakaloob ng tulong at ililipat ang tulong-pinansyal sa account sa bangko na nakapangalan sa punong-sambahayan.

Paalala!
・Kung namatay ang aplikante o lahat ng miyembro bago matanggap ang tulong, hindi ito ibibigay. (Hindi namamana ang karapatan sa tulong.)
・Kung mawalan ng kwalipikasyon o kung may matuklasan na mapanlinlang na pagtanggap ng tulong, hihilingin ng organisasyon ang pagbabalik ng natanggap na halaga.

# 3 Mga Dokumento para sa Aplikasyon

Punan ng punong-sambahayan ang form at isama ang kinakailangang dokumento. (Para sa e-application, ilagay ang impormasyon at i-attach ang files.

## ■ Para sa Pangunahing Tulong (o Karagdagang Tulong para sa Katamtamang Bahagyang Pagkasira na Sambahayan)

**Kinakailangang Dokumento**

① Sertipiko ng Pinsala (Inisyu ng Munisipalidad) ※

※Kung mag-aapply bilang sambahayan na matagal na lumikas, sa halip na Sertipiko ng Pinsala, isumite ang dokumento ng katibayan ng sambahayan na matagal na paglikas (Sertipiko ng Sambahayan na Matagal na Paglikas: inisyu ng munisipalidad).

Kung isinulat ang personal number (My Number) ng punong-sambahayan noong panahon ng sakuna sa aplikasyon (punto ② sa ibaba), maaari nang hindi isama ang kopya ng Sertipiko ng Residente (juminhyo) para sa punong-sambahayan, mga miyembro ng sambahayan, at iba pang nakatira sa parehong addres.

②Kopya ng Sertipiko ng Residente(住民票) (inisyu ng munisipalidad)

・Kopya ng Sertipiko ng Residente, na nagpapakita ng tirahan, komposisyon ng sambahayan, punong-sambahayan, at relasyon noong sakuna.punong-sambahayan, ay kinakailangan sa bawat miyembro.

○Kung walang pagbabago sa sambahayan mula noong sakuna dahil sa paglipat o paghihiwalay ng sambahayan → gamitin ang kasalukuyang Sertipiko ng Sambahayan.

○Kung nagkaroon ng pagbabago sa sambahayan matapos ang sakuna, tulad ng paglipat sa loob ng parehong lungsod o paghihiwalay ng sambahayan → Gumamit ng Binagong Sertipiko ng Residente (kasama ang history, o kopya ng sertipiko ng residente)."

○Kung lumipat sa ibang munisipalidad matapos ang sakuna → Gumamit ng 'Jouhyou' (record ng pag-alis, kasama ang history kung nagkaroon ng paglipat sa loob ng parehong munisipalidad matapos ang sakuna).

Para sa punto ③, kung naka-check ☑ang 'Gagamitin ang Account sa Pampublikong Pondo' sa aplikasyon at ilalagay ang personal number (My Number) ng punong-sambahayan noong panahon ng sakuna (o ng miyembro ng parehong sambahayan), maaari nang hindi isama ang kopya ng bank passbook ng tatanggap.

※Siguraduhing nakarehistro ang pampublikong account bago gamitin para sa pagtanggap ng tulong.

③Kopya ng Bank Passbook (ihahanda ng aplikante)

・Dapat makita sa kopya ng bank passbook ang: pangalan ng bangko, pangalan ng sangay, uri ng account, numero ng account (para sa Japan Post Bank: symbol at number), at pangalan ng may-ari ng account (punong-sambahayan noong sakuna o miyembro ng parehong sambahayan) kasama ang pagkakabasa ng pangalan sa katakana/romaji.

**Karagdagang Kinakailangang Dokumento para sa Aplikasyon ng Kalahating Nasira at Gibain na Sambahayan**

④ Sertipiko ng Pag-giba (inisyu ng munisipalidad) o Sertipiko ng Rehistro ng Pag-giba ng Ari-arian (inisyu ng Legal Affairs Bureau)

**Karagdagang Kinakailangang Dokumento para sa Aplikasyon ng Sambahayan na Gibain Dahil sa Pinsala sa Lupa**

④Sertipiko ng Pag-giba (inisyu ng munisipalidad) o Sertipiko ng Rehistro ng Pag-giba ng Ari-arian (inisyu ng Legal Affairs Bureau)

⑤Mga Dokumento ng Katibayan ng Pinsala sa Lupa (Resulta ng pansamantalang pagtatasa ng panganib sa lupa, kontrata sa pag-aayos ng lupa, mga larawan, atbp.)

## ■ Para sa Karagdagang Tulong

**Kinakailangang Dokumento**

⑥Kopya ng kontrata atbp. (Kontrata sa pagsasagawa ng trabaho, kontrata sa benta ng ari-arian, kontrata sa paupahan ng gusali, atbp.)

Kung hindi pumirma ng kontrata para sa kategoryang 'Pagkukumpuni' → Isama ang estimate at resibo, o purchase order at order confirmation, atbp.

| | | Sambahayan na Ganap na Nasira | Sambahayan na Giniba | | Sambahayan na Matagal na Pagkalikas | Sambahayan na Malakihang Bahagyang Pagkasira | Sambahayan na Katamtamang Bahagyang Pagkasira |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | Sambahayan na Kalahating Nasira at Gibain | Sambahayan na Giniba Dahil sa Pinsala sa Lupa | | | |
| **Pangunahing Tulong ※Para sa Katamtamang Bahagyang Nasira na Sambahayan, ito ay Karagdagang Tulong)** | Sertipiko ng Pinsala | ○ | ○ | ○ | ※2 | ○ | ○ |
| | Sertipiko ng Sambahayan na Matagal na Paglikas | | | | ○ | | |
| | Kopya ng Resident Certificate Jūminhyō ※1 | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| | Kopya ng bank passbook ※1 | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ | ○ |
| | Sertipiko ng Pag-giba o Kopya ng Rehistro ng Pagkawala ng Ari-arian. | | ○ | ○ | ※2 | | |
| | Mga Dokumento ng Katibayan ng Pinsala sa Lupa | | | ○ | ※2 | | |
| **Karagdagang Tulong** | Kopya ng kontrata atbp | ○ | ○ | ○ | ○※2 | ○ | ○ |

※1 Maaaring hindi isama ang mga dokumentong ito kung nakasulat ang personal number (My Number) sa application form. Gayunpaman, kung may error sa pag-link ng impormasyon, maaaring hilingin ang pagsusumite nito.

※2 Habang nasa panahon ng pagkilala bilang sambahayan na matagal na paglikas, hindi maaaring mag-apply para sa karagdagang tulong gamit ang lugar ng muling pagtatayo bilang address. Pagkatapos matanggal ang pagkilala, kung mag-aapply ng Karagdagang Tulong, susuriin kung ang sambahayan ay kwalipikado batay sa antas ng pinsala sa bahay, kaya kinakailangan ding magsumite ng Sertipiko ng Pinsala o katulad nito.

## 4 Paalala

- Maaaring mag-apply muna para sa pangunahing tulong lamang, o sabay na mag-apply para sa pangunahing at karagdagang tulong.
- Kahit ikaw ang may-ari ng bahay, hindi ka kwalipikado kung hindi mo ito talaga tinitirhan bilang pangunahing tirahan. Ganun din para sa Karagdagang Tulong. Kung hindi mo titirhan ang muling pinatatayong bahay na isinusumite sa aplikasyon, hindi ka kwalipikado.
- Para sa Karagdagang Tulong: Kung pansamantala kayong umupa ng apartment matapos ang sakuna at pagkatapos ay magtaytayo ng bagong bahay sa loob ng itinakdang panahon ng aplikasyon, maaari kayong unang mag-aplay bilang “Paupa” at pagkatapos ay magsumite ng iakalawang aplikasyon bilang “Pagtatayo/Pagbili”. (Sa kasong ito, ang ikalawang aplikasyon ay para sa diperensya ng halaga sa pagitan ng “Paupa” at “Pagtatayo/Pagbili”.)
- Kung ikaw ay nag-apply sa alinman sa “Pagtatayo/Pagbili” o “Pagkukumpuni”, itututring nang tapos ang muling pagbangon ng iyong kabuhayan. Kaya naman, kung nag-apply ka bilang “Pagkukumpuni”, hindi na maaaring mag-apply muli para sa diperensya sa “Pagtatayo/Pagbili”.

Para sa mga tanong tungkol sa aplikasyon, makipag-ugnayan sa tanggapan ng inyong munisipalidad kung asan ka nakatira noong panahon ng sakuna.

【被災者生活再建支援法人】
（公財）都道府県センター　事業部　被災者生活再建支援基金課
〒102-0093　Hirakawachō, Distrito ng Chiyoda, Tokyo 2-6-3
TEL : 03-5212-9111（ Lunes hanggang Biyernes 9:00～17:00） FAX : 03-5210-4900